



Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG INTERYOR AT LOKAL NA PAMAHALAAN
DILG-NAPOLCOM Center, Panulukan ng EDSA at Quezon Ave., West Triangle, Lungsod Quezon
<http://www.dilg.gov.ph>

MEMORANDUM Sirkular

Bilang: 2023-120

SA KINAUKULAN : **LAHAT NG PUNONG LALAWIGAN, PUNONG LUNGSOD, PANREHIYONG DIREKTOR NG DILG, AT IBA PANG KINAUKULAN**

PAKSA : **NATIONAL CHAMPIONSHIPS OF BATANG PINOY AT PHILIPPINE NATIONAL GAMES**

PETSA : **AUG 17 2023**

Alinsunod sa Kautusang Tagagpagpaganap Bilang 44, serye ng 1998 at Kautusang Tagagpagpaganap Bilang 163 serye ng 1994, nabuo ang Batang Pinoy at Philippine National Games, ang taunang isports kompetisyon para sa mga kabataan. Ang Komisyon ng Pampalakasan sa Pilipinas (Philippine Sports Competition) sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas ay pangungunahan ang pagpapasinaya ng sabayang Batang Pinoy (BP) at Philippine National Games (PNG).

Ngayong taon, ang nasabing aktibidad ay gaganapin mula ika-17 hanggang 22 ng Disyembre 2023, sa Kalakhang Maynila. Ito ay lalahukan ng mga kabataang edad 18 taong gulang pataas para sa PNG at edad na 17 taong gulang pababa naman sa BP mula sa 149 na lungsod at 82 na lalawigan mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao.

Bilang pagtugon sa kahilingan ni Tagapamuno Richard E. Bachmann, Komisyon ng Pampalakasan sa Pilipinas (Philippine Sports Competition), ang lahat ng **Punong Lalawigan at Punong Lungsod** ay hinihikayat na makiisa at sumuporta sa nasabing aktibidad. Kalakip ng Memoradum Sirkular na ito ang **Annex A** para sa iba pang detalye at sanggunian.

Ang mga Lokal na Pamahalaan ay maaring gumamit mula sa kanilang awtorisadong pondo ayon sa sa umiiral na patakaran sa pagtutuos at pagsusuri ng Komisyon sa Awdit at iba pang kaugnay na awtoridad ng gobyerno.


Inaasahan na ang lahat ng mga Direktor Panrehiyon ng DILG ang manguna at mangasiwa sa malawakan at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum Sirkular na ito sa kani-kanilang mga nasasakupan.

"Matino, Mahusay at Maaasahan"

Pangunahing Numero ng Telepono: 8876-3454

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa pamamagitan ni Dr. Lauro Domingo, PNG-BP Project Director, sa numerong 0908-523-1114 (Luzon), 0917-857-0033 (Visayas), at 0905-5166-949 (Mindanao). Maaari ring bisitahin ang batangpinoy.gov.ph at png.psc.gov.ph, ang opisyal na pahinarya ng BP at PNG.

Para sa kaalaman at patnubay ng kinauukulan.



RANGALIWANG KALIHIM MARLO L. IRINGAN
Nanunungkulang Pinuno, DILG

2023-08-03-015
BLGS/DTT/PCMD/rca

